Kalihim ng Estado

Minamahal na Kapwa Californian,

Ang karapatang bumoto ay pundasyon ng demokrasya sa Amerika. Binibigyang hugis ng iyong boto ang kinabukasan ng ating bayan, ating estado, at iyong komunidad. *Mahalaga ang iyong paglahok*.

Maaari kang matulungan ng Gabay sa Botante na ito upang makagawa ng mga may kabatirang desisyon at maghanda para sa Pampanguluhang Primaryang Halalan sa Marso 3, 2020. May kasama itong walang kinikilingan, walang pinapanigang pagsusuri at mga argumentong sang-ayon at laban sa panukalang balota sa buong estado. Maaari mo ring aralin ang mga mahahalagang patakaran sa halalan at ang iyong mga karapatan bilang botante ng California.

Makukuha rin ang gabay na ito online, sa sampung lingguwahe, sa website ng Kalihim ng Estado ng California: *voterguide.sos.ca.gov*.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong pagpaparehistro bilang botante o pagpapasa ng iyong balota, maaari mong kontakin ang tanggapan ng Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng libreng pagtawag sa 1-800-345-VOTE (8683).

Maaari mo ring bisitahin ang *vote.ca.gov* para sa mga kapaki-pakinabang na mga sanggunian at kasangkapan para sa halalan.

Hindi nagtatapos ang ating tungkuling sibiko sa pagsasara ng mga presinto sa Araw ng Halalan.

Sa 2020, kailangan nating mapalahok ang lahat ng Californian sa Senso ng U.S. Ang minsan-sa-isang-dekada na pagbibilang ng populasyon na ito ay may direktang epekto sa inyong komunidad—ang pagtatakda ng pederal na pagpopondong matatanggap natin para sa ating mga paaralan, imprastruktura, pangangalagang pangkalusugan, at mga serbisyong pang-emerhensiya sa susunod na sampung taon. Itatakda rin ng bilang ng senso ang bilang ng mga kinatawan sa kongreso at mga boto sa electoral college ng California.

Salamat sa iyong katapatan sa ating demokrasya. Binabalak mo mang bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa presinto, planuhin ang pagpapasa ng iyong balota sa 2020. Mahalaga ang iyong boto. Mas malakas ang California kapag mas maraming mamamayan—tulad mo—ang bumoboto.